



### Nirerekomenda ba sa mga taong nagdadalang-tao ang bakuna sa COVID-19?

Oo! Inirerekomenda ng mga eksperto sa CDC at pagdadalang-tao, kabilang ang American College of Obstetricians and Gynecologists, ang Society for Maternal-Fetal Medicine, at ang American College of Nurse-Midwives, na ang mga nagdadalang-tao ay mabakunahan laban sa COVID-19. Para sa pinakamahusay na proteksyon, kabilang rito ang pagkuha ng pampalakas na dosis pati na rin ang serye ng pangunahing bakuna. Maaaring ibigay ang bakuna sa anumang yugto ng pagdadalang-tao.

### Bakit nirerekomenda ang pagpapabakuna sa COVID-19?



Ang COVID-19 ay isang seryosong pagkabahala sa panahon ng pagdadalang-tao. Ang mga taong nagdadalang-tao at kamakailan ay nagdadalang-tao na may COVID-19 ay mas malamang na magkasakit nang malubha, mahospital, at mamamatay kumpara sa mga taong hindi nagdadalang-tao. Dagdag pa, ang mga taong nagkaroon ng COVID-19 sa panahon ng pagdadalang-tao ay mas malamang na magkaroon ng mga komplikasyon na maaaring makaapekto sa kanilang pagdadalang-tao at nabubuong sanggol. Kabilang rito ang maagang panganganak (preterm birth) at pagkakunan (still birth).

Ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay pumoprotekta sa parehong mga taong nagdadalang-tao at kanilang mga bagong panganak na sanggol mula sa malubhang pagkakasakit dahil sa COVID-19.

Sa pag-aaral sa mga taong tumanggap ng mga bakunang Pfizer at Moderna, ang pamprotektang panlaban ng katawan (antibodies) laban sa virus ay natagpuan sa dugo ng pusod at gatas ng ina. Dagdag pa rito, kinumpirma ng kamakailang [pag-aaral](#) na ang pagpapabakuna sa panahon ng pagdadalang-tao ay epektibo sa pagprotektang sa mga sanggol na wala pang 6 na buwan mula sa pagkakahospital dahil sa COVID-19.

### Ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay ligtas ba sa panahon ng pagdadalang-tao?

Walang ebidensya na nagsasanhi ng anumang problema sa panahon ng pagdadalang-tao ang pagpapabakuna sa COVID-19, kabilang ang pagkakabuo ng plasenta. Patuloy na sinusubaybayan ng CDC ang mga tao na nabakunahan sa oras ng lahat ng buong tatlong buwan (trimesters) ng pagdadalang-tao upang mas mahusay na maunawaan ang mga epekto sa pagdadalang-tao at mga sanggol. Higit sa daang libong nagdadalang-tao na nabakunahan na nasubaybayan na at walang dagdag na panganib ng pagkakakunan, problema sa paglaki, o depekto sa kapanganakan ang natagpuan. Hindi nagsasanhi ng mga impeksyon ang mga bakuna sa COVID-19, kabilang sa mga taong nagdadalang-tao o kanilang mga sanggol. Wala sa mga bakuna sa COVID-19 ang naglalaman ng buhay (live) na virus. Ang mga ito ay hindi makapagbibigay ng sakit na COVID-19, kabilang ang mga taong nagdadalang-tao o kanilang mga sanggol.

Patuloy na bumubuo ng ebidensya, na nagpapakita na ang pagpapabakuna sa COVID-19 bago at sa panahon ng pagdadalang-tao ay ligtas at epektibo. Iminumungkahi nito na ang mga benepisyo ng pagtanggap ng bakuna sa COVID-19 ay mas matimbang kaysa sa anumang kilala o potensyal na mga panganib ng pagpapabakuna sa panahon ng pagdadalang-tao.





### Paano ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?

Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang [smfm.org/covidfamily](https://smfm.org/covidfamily) at ang CDC webpage na [Mga Bakuna sa COVID-19 Habang Nagdadalang-tao o Nagpapasuso](#).

Kung ikaw ay nagdadalang-tao at may mga katanungan tungkol sa pagpapabakuna, makipag-usap sa iyong doktor. Maaari ka ring makipag-usap sa mga eksperto sa MotherToBaby na nariyan para sagutin ang iyong mga katanungan sa Ingles o Espanyol. Itong libre at kumpedensyal na serbisyo ay makukuha Lunes-Biyernes 8 ng umaga hanggang 5 ng hapon. Maaari ka ring tumawag sa 866-626-6847, mag-text sa 855.999.8525, mag-e-mail sa [ContactUs@mothertobaby.org](mailto:ContactUs@mothertobaby.org) o magsimula ng pakikipag-usap (chat) sa [mothertobaby.org/ask-an-expert/](https://mothertobaby.org/ask-an-expert/).

### Maaari bang magpabakuna ang mga taong nagpapasuso?

Oo! Ang mga eksperto, kabilang ang CDC, ang American College of Obstetricians at Gynecologist, ang Society for Maternal-Fetal Medicine, at ang American College ng Nurse-Midwives ay nagrerekomenda na mabakunahan laban sa COVID-19 ang mga taong nagpapasuso.




sa gatas ng ina.

Ang mga taong mayroong gatas sa suso ay hindi kasama sa mga pag-aaral sa bakuna. Gayunpaman, batay sa nalalaman na tin tungkol sa kung paano gumagana ang mga bakunang ito, hindi inisip na magiging panganib para sa sanggol ang mga bakuna. Ipinakita ng mga kamakailang pag-aaral na ang mga nagpapasuso na tumanggap ng mga bakunang Pfizer o Moderna ay may panlaban ng katawan (antibodies) sa kanilang gatas ng ina, na maaaring makatulong sa pagprotekta sa kanilang mga sanggol. Ang mga bakunang ito ay hindi naipapasa papunta

### Ligtas ba sa akin ang magpabakuna sa COVID-19 kung gusto kong magkaroon ng anak isang araw sa hinaharap?

Oo. Ang CDC at mga medikal na eksperto ay nagrerekomenda ng pagpapabakuna para sa lahat edad 5 taon pataas. Kabilang rito ang mga taong nagdadalang-tao, sumusubok na magdalang-tao, o maaaring gustuhin rin na magdalang-tao sa hinaharap tulad din ng kanilang mga kabiya.

Walang ebidensya na anumang bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19, ay nagsasanhi ng mga problema sa pertilidad sa mga kababaihan o kalalakihan. Wala ring ebidensya na nakakaapekto sa pagbibinata o pagdadalaga ang mga bakuna sa COVID-19.



Isang maliit na [pag-aaral](#) ng 45 malulusog na kalalakihan na tumanggap ng [mRNA na bakuna sa COVID-19](#) ay nagsuri sa mga katangian ng semilya (sperm) bago at pagkatapos ng pagpapabakuna. Tiningnan ng mga mananaliksik ang dami at galaw ng semilya at walang natagpuang malalaking pagbabago sa mga ito pagkatapos ng pagpapabakuna. Sa pagkumpara, isang kakaibang [pag-aaral](#) ay nakatagpo ng pagbaba sa pertilidad ng hanggang sa 60 araw sa mga kalalakihan na *nahawahan* ng COVID-19. Ang pag-aaral na ito sa higit 2,000 tao ay wala ring natagpuang kaibahan sa mga bilang (rate) ng tagumpay ng pagdadalang-tao sa mga kalalakihan at kababaihan na nabakunahan kumpara sa mga hindi pa nabakunahan. Maraming tao ang nagdalang-tao pagkatapos tumanggap ng bakuna sa COVID-19. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang CDC webpage [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong Gustong Magkaroon ng Sanggol](#).



### Maaari bang mapektuhan ng bakuna sa COVID-19 ang aking regla?



Nag-ulat ang ilang kababaihan ng pagbabago sa kanilang regla pagkatapos magpabakuna sa COVID-19 tulad ng nahuhuling dating ng regla, mas mabigat na daloy, mas masakit na pamumulikat (cramps). May limitadong pananaliksik sa pagpapabakuna sa COVID-19 at siklo (cycle) ng regla. Dalawang kamakailang pag-aaral ang nagpapakita ng karaniwan, ngunit maliliit na pagbabago pagkatapos ng pagpapabakuna sa COVID-19. Kabilang rito ang mga pagbabago sa haba ng siklo (cycle) ng regla at ang oras sa pagitan ng mga siklo (cycle) pati na rin ang mas mabigat na pagdugo kaysa sa karaniwan. Ang mga pagbabagong ito ay pansamantala lamang.

Mahalagang tandaan, maraming bagay ang maaaring magsanhi ng pagbabago sa mga siklo (cycle) ng regla tulad ng tensyon (stress), at mga pagbabago sa pagtulog, diyeta, ehersisyo, at ilang mga medisina. Mahalaga ring matandaan na ang hindi regular na regla ay napaka-karaniwan sa hanay ng mga kabataan at maaaring wala naman talagang tiyak (specific) na sanhi. Kung mayroon kayong mga pagkabahala tungkol sa inyong regla o mga regla ng inyong anak, makipag-usap sa doktor.

---

Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) para sa impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, kabilang ang mas marami pang [Mga Kadalasang Katanungan](#), [Mga Iskedyul ng Bakuna](#) na may larawan (graphics) na nagpapakita kung kailan takdang ibigay ang bawat dosis, at impormasyon sa [Kung Paano Mababakunahan](#).